

Kalakip 1

Pagpopondo upang Suportahan ang Pagpapatupad ng Programa sa Sariling Pagpapasya (Self-Determination Program, SDP)

Tulad ng nabanggit sa liham na kasama ng kalakip na ito, alinsunod sa Welfare and Institutions Code 4685.8(g), magagamit ang pagpopondo upang suportahan ang pagpapatupad ng SDP. Inilarawan sa ibaba ang potensyal na mga gamit ng pagpopondong ito at ang proseso sa pagpapasya na ito at paggamit sa mga pondong ito.

Hakbang	Paglalarawan
Mga Prayoridad na Larangan para sa Gamit ng Pagpopondo	<p>Kabilang sa mga prayoridad na larangan para sa pagpopondo ang:</p> <ul style="list-style-type: none">• Mga pangangailangan sa oryentasyon – Mga gastos sa pagbibigay ng oryentasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagbabago/mga materyales sa pag-imprenta, gastos sa mga tagapagsalita/tagapagtanghal, mga gastos sa lugar ng pagtitipon, pagsasalin/mga tagapagsalin, atbp.• Pangangalap/Pagsasanay ng Malayang mga Facilitator – Mga gastos na nauugnay sa pagdaragdag ng bilang ng magagamit na malayang mga facilitator. Maaaring kasama rito ang, ngunit hindi limitado sa, pangangalap, pagbuo at/o pagkakaloob ngpagsasanay, pagsasalin/mga tagapagsalin, mga gastos na nauugnay sa pagkakaloob ng pagsasanay, atbp.• Nagtutulungang mga pangkat/workshop – Patuloy at/o pananahong pagpupulong para sa mga kalahok at pamilya, provider, atbp. upang magbigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral at paglutas ng problema. Maaaring kasama sa mga gastos ang, ngunit hindi limitado sa, mga gastos sa paglalakbay ng mga tagapagsalita/tagapagtanghal, pagsasalin/mga tagapagsalin, materyales, mga gastos sa lugar ng pagpupulong, atbp. Maaaring kasangkot dito ang pakikipag-ugnay sa mga LVAC/kalahok sa iba pang lugar upang madagdagan ang saklaw ng mga oportunidad sa pag-aaral/pagbabahagi ng impormasyon.• Pinagsamang pagsasanay – Pagsasanay para sa mga kalahok, pamilya, kawani ng rehiyonal na sentro at mga miyembro ng lokal na boluntaryong mga komite ng pagpapayo, atbp. Dapat na nakatuon ang mga pinagsamang pagsasanay sa ibinahaging mga pagkakataon sa pag-aaral na nagdaragdag ng sama-samang pag-unawa ng lahat na kasangkot sa SDP. Maaaring kabilang sa mga gastos ang, ngunit hindi limitado sa, pagbuo at/o pagkakaloob ng pagsasanay, pagsasalin/mga tagapagsalin, mga gastos na may kaugnayan sa pagkakaloob ng pagsasanay, atbp.• Suporta/pagtuturo para sa Paglipat sa SDP – Suporta para sa mga kalahok sa paglipat sa SDP. Maaaring kasama rito ang suporta sa mga larangan tulad ng pagpapasya kung aling modelo ng serbisyo sa pamamahala ng pananalapi ang pinakamahasay na akma para sa isang kalahok, mga mungkahi para sa pangangalap/pagkuha ng mga empleyado, paano magtatag ng

Kalakip 1

	<p>mga backup na plano ng tauhan, atbp.</p> <ul style="list-style-type: none"> • Pagbuo ng Paunang Plano ng Paggastos – Suporta sa pagbuo ng paggamit ng kalahok ng kanilang indibidwal na badyet sa pamamagitan ng kanilang plano sa paggastos, na maaaring kasama ang konsultasyon sa isang serbisyo sa pamamahala ng pananalapi. • Karagdagang Natukoy na mga Pangangailangan – Mga aytem/gawain na sumusuporta sa mga pangangailangan ng mga kalahok at pagpapatupad ng programa.
<p>Tukuyin Kung Paano Dapat Magamit ang Mga Pondo</p>	<p>Dapat na magkasamang tasahin ng LVAC at ng panrehiyong sentro ang mga lokal na pangangailangan sa pagpapatupad ng SDP upang matukoy ang pinakamahusay na paggamit ng magagamit na mga pondo. Batay sa magkasamang pagtatasa na ito, dapat na mabuo ang isang listahan ng mga prayoridad na larangan (sa itaas) na popondohan, kasama ang tinatayang halagang gagamitin para sa bawat lugar na napili. Hindi kinakailangan sa puntong ito ang detalyado, naka-itemize na pagtatantiya para sa bawat natukoy na lugar. Gayunpaman, maaaring makatulong na ipaalam ang pagtantiya ng pagtalakay ng ilan sa mga detalyadong gastos na ito.</p> <p>Kapag nagawa na ang kasunduan sa paggamit ng mga pondo, dapat na magkasamang iulat ng LVAC at ng sentrong panrehiyon ang sumusunod sa sdp@dds.ca.gov:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Listahan ng mga prayoridad na lugar na popondohan; • Tinantiyang halaga ng pagpopondong inilaan sa bawat prayoridad na larangan; at, • Maikling paglalarawan kung paano nagawa ang mga pagpapasya. <p>Maaaring gawin ang mga pagbabago sa isang patuloy na batayan habang nagbabago ang mga pangangailangan ng mga kalahok. Gayunpaman, dapat na patuloy na manatiling nakaayon sa batas at sa patnubay na ito ang paggamit ng mga pondo, at dapat gawin nang sama-sama ng LVAC at sentrong panrehiyon ang mga pagpapasya sa anumang pagbabago.</p>
<p>Daloy ng mga Pondo</p>	<p>Inilaan sa bawat sentrong panrehiyon ang mga halaga ng pagpopondo na natukoy sa sumusunod na pahina. Tulad ng nabanggit dati, dapat na sama-samang gawin ng LVAC at ng sentrong panrehiyon ang mga desisyon sa paggamit ng mga pondong ito. Kasunod nito, isasauli ng mga sentrong panrehiyon ang mga nagasta ng mga indibidwal/samahan sa pagbibigay ng mga serbisyo.</p>

Kalakip 1

Katimbang sa bilang ng mga magagamit na espasyo ng SDP sa bawat sentrong panrehiyon ang pamamahagi ng pagpopondo.

Suportang Pagpopondo sa Kalahok sa SDP – Piskal na Taon 2020/2021 *		
Sentrong Panrehiyon	Mga Espasyo ng SDP sa Bawat Sentrong Panrehiyon	Magagamit na Pagpopondo
ACRC	179	\$146,064
CVRC	140	\$114,240
ELARC	110	\$89,760
FDLRC	73	\$59,568
FNRC	60	\$48,960
GGRC	68	\$55,488
HRC	99	\$80,784
IRC	256	\$208,896
KRC	95	\$77,520
NBRC	66	\$53,856
NLACRC	183	\$149,328
RCEB	154	\$125,664
RCOC	151	\$123,216
RCRC	55	\$44,880
SARC	125	\$102,000
SCLARC	110	\$89,760
SDRC	207	\$168,912
SGPRC	95	\$77,520
TCRC	110	\$89,760
VMRC	100	\$81,600
WRC	64	\$52,224
KABUUAN	2,500	\$2,040,000

* Dapat na gugulin hanggang Marso 2023 ang mga nakalaang pondo hanggang 6/30/2021.